

Tanungin ang Iyong Parmasyotiko!

May karapatan kang hingan ang parmasyotiko mo ng:

Madaling-basahing limbag

May karapatan kang humingi at makatanggap mula sa alinmang parmasya ng mga etiketa ng inireresetang gamot sa 12-point font.

Mga serbisyong tagapagsaling-wika

Ang mga serbisyong tagapagsaling-wika ay makukuha nang walang bayad sa iyong kahilingan.

Pagpepresyo ng gamot

Maaari kang humingi mula sa parmasyang ito ng impormasyon sa pagpepresyo ng gamot at paggamit ng generic na gamot.

Inaatas ng batas ng California na makipag-usap sa iyo ang isang parmasyotiko tuwing kukuha ka ng bagong reseta.

Bago inumin ang iyong gamot, siguruhing alam mo ang:

- 1** Pangalan ng gamot at ano ang ginagawa nito.
- 2** Paano at kailan ito iinumina, gaano katagal, at ano ang gagawin kung nakalaktaw ka ng dosis.
- 3** Mga posibleng pangalawang epekto at ano ang gagawin kapag naganap ito.
- 4** Kung ligtas na gagana ang bagong gamot kasama ang ibang mga gamot o mga suplemento.
- 5** Anong mga pagkain, inumin, o aktibidad ang iiwasan habang iniinom ang gamot.

Tanungin ang parmasyotiko kung mayroon kang anumang mga tanong.

Dapat ibigay ng parmasya ang anumang gamot o aparatong legal na nireseta para sa iyo, maliban kung:

- Hindi ito sakop ng iyong seguro;
- Hindi mo mabayaran ang halaga ng kasamang bayad;
- Natukoy ng parmasyotiko na ang paggawa nito ay labag sa batas o potensiyal na makakasama sa kalusugan.

Kung ang gamot o aparato ay hindi agad makukuha, makikipagtulungan ang parmasya sa iyo upang matulungan kang makuha ang gamot o aparato mo sa napapanahong paraan.



ALAMIN AT MAG-INGAT:
Kausapin ang parmasyotiko mo!

LUPON NG PARMASYA NG ESTADO NG CALIFORNIA

2720 Gateway Oaks Drive, Suite 100 • Sacramento, CA 95833
(916) 518-3100 • www.pharmacy.ca.gov

